OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga Madalas Itanong sa Mga Artista sa Center 2024-25

**Para sa *pampublikong* impormasyon tungkol sa programa** at para makita ang 2024-2025 season, mangyaring bisitahin ang nakaharap sa labas na website.

**Para sa mga mapagkukunan at impormasyong *partikular sa pagtatanghal ng mga artista***, tulad ng mga tech sheet, impormasyon ng seguro, mga alituntunin sa pagbebenta at higit pa, pakibisita itong nakaharap sa loob na website.

**Para sa na-recording na Artist Orientation and Info Session** na naganap noong Huwebes, Set. 28, 2023 (humigit-kumulang 60 mins ang haba), mangyaring mag-click dito.

## MGA TANONG SA SAKLAW NG PROYEKTO

**T: Anong mga uri ng pagtatanghal ang angkop para sa pagkakataong ito?**

S: Maaaring isaalang-alang ang mga disiplina sa sining ng pagtatanghal ng lahat ng uri, kabilang ang musika, sayaw, teatro, pasalitang salita, mga eksibisyong pangkultura, mga karanasang pag-aaral na nakasalalay sa direktang paggawa, at mga proyektong may iba't ibang disiplina. Ang mga visual art exhibition ay hindi ang nilalayong paggamit ng grant na ito ngunit maaaring isang elemento kung kasama bilang bahagi ng isang mas malaking performance.

Ang isang matagumpay na pop-up na pagganap ay maliksi, kapansin-pansin sa paningin at pandinig, nangangailangan ng kaunti o mababang-tech na mga pangangailangan, at maaaring mai-tayo sa loob at labas nang mabilisan. Ang mga gawa ay maaaring dati ng umiiral, muling itinayo, o nabuong bago para sa pagkakataong ito.

**T: Gaano kalaki ang grupong tatanghal?**

S: Ang program na ito ay pinakaangkop sa solo, duweto, at maliit na grupo na pagtatanghal. Maaaring isaalang-alang ang mga pangkat na mas malaki sa 8 o 10 katao, ngunit may limitadong kakayahang magamit ang mga puwesto para sa mga pangkat na ganoon ang laki.

**T: Gaano dapat katagal ang pagtatanghal?**

S: Ang mga pop-up na pagtatanghal na ito ay nilayon na *humigit-kumulang isang oras ang haba*, na may ilang kakayahan na maging mas maikli o medyo mas mahaba (hindi hihigit sa 90 minuto sa kabuuan).

**T: Mas gusto ba ng program na ito ang mga solong pagtatanghal o posible bang magkaroon ng maraming pagtatanghal sa loob ng isang yugto ng panahon (halimbawa: 2 pagtatanghal sa isang araw/isang linggo/isang buwan atbp.)**

S: Ang inaasahan ay ang mga ginawaran ay magbibigay ng isang solong pagganap (mayroon kaming badyet upang masakop ang tech na suporta para sa isang (1) pagganap).

Kung gusto ninyong gumawa ng maraming petsa, mangyaring talakayin sa inyong mga tagapamahala ng proyekto sa Seattle Office of Arts & Culture (ARTS) at Seattle Center kung ano ang maaaring posible (lalo na kung hindi ninyo kailangan ng tech support para sa maraming petsa).

**T: Paano tinutukoy ang panahon ng pagtatanghal?**

S: Kayo ay pipiliin upang gumanap sa isang pampanahunang puwesto: Taglagas, Taglamig, Tagsibol, o Tag-init. Ang pangkat ng pamamahala ng proyekto ay ibabatay ang taunang iskedyul sa inyong una o pangalawang kagustuhan na ipinahiwatig sa inyong panukala sa aplikasyon. Ang mga pagbabago sa inyong inilaan na pampanahunang puwesto kung minsan ay maaaring tanggapin sa maagang pag-uusap.

**T: Ano ang tumutukoy sa lokasyon sa Seattle Center na maaari kong pagtanghalan?**

S: Nag-iiba-iba ang mga opsyon sa lokasyon ng pagtanghal at magkakaugnay sa puwesto na pinakamainam para sa inyong proyekto at magagamit sa ninanais na petsa/oras ng pagtatanghal. Makikipagtulungan sa inyo ang Seattle Center upang matukoy ang pinakamahusay na magagamit na espasyo, pati na rin ang mga petsa, para sa inyong kaganapan.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang espasyo ang (ngunit hindi limitado sa) Seattle Center Armory Stage, Northwest Courtyard, Founders Courtyard, Theater Commons, Artists at Play Playground, Monorail Station Platform, Fisher Pavilion Rooftop, at Mural Amphitheatre.

**T: Mayroon bang kakayahang angkopin ang lokasyon kung gusto naming gumanap sa partikular na lugar o maramihang-lugar na kaganapan?**

S: Kung walang kakailanganing teknikal na kagamitan, mayroong marahil ang ilang kakayahang umangkop na gamitin ang hindi tradisyonal o maramihang lokasyon. Ang mga napiling artista ay dapat makipagtulungan sa Seattle Center upang kumpirmahin ang anumang mga limitasyon kung saan sila makakapagtanghal batay sa mga panukala ng mga artista, iba pang mga kaganapan na nangyayari sa kampus, mga layunin ng programa, at mga kinakailangan ng ADA.

**T: Mayroon bang tiyak na oras ng araw na papayagang idaos ang aming kaganapan/pagganap?**

S: Maaaring mag-iba ang oras sa araw para sa mga pagtatanghal (Lunes hanggang Biyernes, Sabado o Linggo, araw, gabi) ngunit ang isang maasahan ay ang ilan sa mga pagtatanghal na ito ay magaganap bago ang mga kaganapan sa Climate Pledge Arena habang ang mga tao ay dumarating sa kampus. Katulad nito, masdudulutan ng pansin ang pag-reserba ng inyong pagtatanghal sa mga araw kung saan may malaking aktibidad/madla sa kampus. Ngunit ang mga kaganapan ay hindi kailangang mangyari nang eksklusibo sa mga araw na iyon. Makikipagtulungan kami sa inyo upang mahanap ang pinakamagandang petsa para sa lahat ng mga kasangkot na partido.

**T: Papaano maibebenta o maipapamalita ang mga pagtatanghal?**

S: Ang Seattle Center ang magbebenta sa website nito, mga social media channel, at digital signage ng kampus. Ang ARTS at mga kasosyo sa komunidad tulad ng Uptown Arts & Culture Coalition (UACC) ang magbibigay din ng suporta sa social media. Dapat magplano ang mga alagad ng sining na magpadala ng mga imbitasyon at sikapin ang sarili sa paglalaganap nito, gamit ang toolkit na ibinigay sa kanila.

**T: Mayroon bang tagakuha ng litrato para idokumento ang pagtatanghal?**

S: Oo, isang tagakuha ng litrato ang ibibigay na siyang magdodokumento ng bawat pagtatanghal. Ang lahat ng mga litrato ay makakamit para magamit ng mga artista (mangyaring bigyang-kilala ang kumuha ng mga litrato!), at ang mga litrato ay itatago ng ARTS. Ang mga artista ay malugod na tinatanggap na magbadyet para sa at/o magbigay ng kanilang sariling dokumentasyon ng labis at higit pa (tulad ng pag-vi-video) na inaasahang magiging pang sarili.

## MGA TANONG SA PAGKONTRATA/PAGPOPONDO

**T: May porsyento ba ng halagang iginawad ang maaaring magamit agad bago ng pagtatanghal?**

A: Maaari kayong mag-invoice ng *hanggang kalahati* ng halaga ng naigawad sa inyo bago ng inyong pagganap, hangga't maaari ninyong ipakita ang pagpaplano, paghahanda, o iba pang mga dapat maihatid. Mangyayari ang pag-invoice na ito sa FLUXX, ang software sa pamamahala ng mga pag-gawad ng Lungsod. Tutulungan kayo ng inyong project manager sa proseso ng pag-iinvoice.

## ANG KAKAILANGANING SEGURO

**T: Paano ako makakakuha ng seguro, at ano ang eksaktong kailangan kong ayusin?**

A: Ipinagagawa sa inyo ng Lungsod ng Seattle na dalhin ang Seguro ng Kaganapan sa nakatakdang petsa ng inyong pagtatanghal na nililista ang Lungsod ng Seattle bilang "Karagdagang Nakaseguro hanggang sa 1 milyong dolyar." Nasa sa inyo ang kumuha at magbayad para sa polisiya na ito at magpadala ng kopya sa Seattle Center.

- Kung sa kasalukuyan ay mayroon kayong polisiya sa isang kompanyang pang-seguro, lapitan sila tungkol sa pagdaragdag ng rider.
- O kaya, mag-Google sa "Event Insurance" para makahanap ng mga online na mapagkukunan para sa seguro.
- Magtanong sa ibang artista na nakagawa na nito noon at alamin kung sino ang kanilang nakatrabaho. Ang inyong Seattle Center Program Manager ay maaaring makatulong na makipag-koneksyon sa mga artista kung kinakailangan.
- Konsultahin ang Insurance Rider na makikita sa pahina ng Impormasyon ng Artista. Ibigay ang form na ito sa inyong napiling kumpanya. Binabalangkas nito ang uri ng seguro na kakailanganin at ang paraan para opisyal na maihatid ito sa Lungsod.

## MGA TANONG SA PRODUKSYON/ SUPORTA SA TEKNOLOHIYA

**Q: Gaano ang suporta sa teknolohiya ang aming matatanggap?**

A: Ang bawat artista ay pinaglalaanan ng katumbas ng humigit-kumulang 25% sa halaga ng naigawad sa kanila sa suportang teknolohiya mula sa koponan ng produksyon ng Seattle Center. Ang alokasyon na ito ay hindi manggagaling sa halaga ng naigawad sa inyo. Ang anumang mga kahilingan sa teknolohiya na higit sa inilaang 25% ay kailangang sagutin ng (mga) artista. Nilalaman sa ibaba ng dokumentong ito ang isang talaan ng mga elementong suporta para sa bawat antas ng pagpopondo.

**Q: Mag la-live streaming ba kayo ng mga kaganapan o magre-record sa video ng kaganapan para mapanood sa ibang pagkakataon upang madagdagan ang akseso at kakayanang ma-akseso ang mga kaganapan na ito? Magkakaroon ba ng kakayahang mag-record ng audio mula sa board?**

A: Hindi namin isinasama ang mga serbisyo ng suporta para sa video/streaming sa ngayon - maaaring ituloy ito ng mga artista sa sarili nilang gastos. Gayunpaman, naibabahagi ng Seattle Center ang audio feed mula sa sound board at maaaring mai-tago sa isang USB o external hard drive na ibinigay ng (mga) artista o magbigay ng direktang linya palabas mula sa aming sound board.

Ang mga artistang may gustong mag-record ng audio ay kinakailangang makipagtulungan sa kawani ng Seattle Center at isama ang kahilingang ito sa kanilang tech sheet kapag nagpaplano ng kanilang kaganapan.

**Q: Maaari bang gumamit ng sarili naming kagamitan?**

A: Oo. Kung dadalhin ninyo ang sarili ninyong kagamitan, kakailanganin ninyong mag-abot ng sarili ninyong operator. Halimbawa, kung gusto ninyong kunan ng pelikula ang inyong kaganapan, kakailanganin ninyong maglaan ng kagamitan at kawani para patakbuhin ito. Gaya ng nabanggit sa itaas, maaaring mag-alok ang Seattle Center ng audio feed mula sa kagamitan ng Lungsod.

## MAGDUDULOT NG SUPORTA SA PRODUKSYON/TEKNOLOHIYA, AYON SA HALAGA NG NAIGAWAD

| ANTAS | ITEM | HALAGA | MGA NOTA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| **$2,000**<br>**ANTAS NG IGAGAWAD**<br><br>*1 o 2 magtatanghal*<br>*Maliit na sound system*<br>*Walang staging*<br>*Pangunahing kagamitan sa entablado*<br>*Silid Bihisan*<br><br>Mabuti para sa: DJ, solo o duweto<br>na mga nagtatanghal, maliit na sayaw,<br>walang pampalakas ng tunog na teatro | Maliit na sound system | $0.00 | mixer at 2 speaker na may tungkod |
| | Monitor | $0.00 | 1 hanggang 2 |
| | Walang kable na Mikropono / stand | $0.00 | 1 hanggang 3 |
| | Kuryente | $0.00 | |
| | Mga Upuan/ Mallit na Bangko | $0.00 | |
| | Istante ng karatula | $0.00 | |
| | | | |
| | Mga Trabahador ng Sound | $680.00 | 8 oras na hinati sa 2 tao |
| | Trabaho ng Tagapagsalita ng Kaganapan | $0.00 | libre ang 4 na oras |
| | | | |
| | **KABUUANG GASTOS:** | **$680.00** | **Ang Kabuuang Gastos ay sagot ng Seattle Center** |
| | | | |

<table>
<tr><th>ANTAS</th><th>ITEM</th><th>HALAGA</th><th>MGA NOTA</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="16">$4,000<br>ANTAS NG GAWAD<br><br>3-5 magtatanghal<br>Walang temp staging<br>Maaaring paggamit ng kasalukuyang stage<br>Maliit na sound system<br>Kaunti ang upuan ng manonood<br>Silid-Bihisan<br><br>Mabuti para sa: maliit na banda,<br>maramihang tagapagtanghal,<br>katamtamang sayaw, teatro</td><td>Maliit na sound system</td><td>$0.00</td><td>mixer at 2 speaker na may tungkod</td></tr>
<tr><td>Mga Monitor</td><td>$0.00</td><td>2 hanggang 4</td></tr>
<tr><td>Mga Mikropono na may stand</td><td>$0.00</td><td>2 hanggang 6</td></tr>
<tr><td>Staging</td><td>$0.00</td><td></td></tr>
<tr><td>Kuryente</td><td>$0.00</td><td></td></tr>
<tr><td>Istante ng Karatula</td><td>$0.00</td><td></td></tr>
<tr><td>Mga mesa / Mga Upuan / Mga Maliliit na Bangko</td><td>$0.00</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Mga Trabahador ng Sound</td><td>$850.00</td><td>10 oras na hinati sa 2 tao</td></tr>
<tr><td>Pinuno ng entablado</td><td>$385.00</td><td>5 oras</td></tr>
<tr><td>Trabaho ng Tagapagsalita ng Kaganapan</td><td>$0.00</td><td>6 oras na libre</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>KABUUANG GASTOS:</td><td>$1,235.00</td><td>Ang Kabuuang Gastos ay sagot ng Seattle Center</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

| ANTAS | ITEM | HALAGA | MGA NOTA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| **$6,000**<br>**ANTAS NG GAWAD**<br>*6 + na magtatanghal*<br>*Itinayong pansamantalang entablado*<br>*ang sukat hanggang 8' x 16'*<br>*(maaaring paggamit ng kasulukuyang entablado)*<br>*Malaking sound system*<br>*Silid Bihisan*<br><br>Mabuti para sa: malaking banda, orkestra, maramihang tagapagtanghal, malaking sayaw, teatro | Malaking sound system | $0.00 | mixer at dual speaker sistema |
| | Monitor | $0.00 | 4 hanggang 6 |
| | Mga Mikropono na walang kable | $0.00 | # kung kinakailangan |
| | Mga mesa, mga Upuan, mga maliit na bangko | $0.00 | |
| | Bayad sa Paglilinis | $28.00 | espasyo ng pagbibihisan |
| | | | |
| | Mga Trabahador ng Sound | $850.00 | 10 oras na hinati sa 2 tao |
| | Pinuno ng entablado | $462.00 | 6 oras |
| | Stage Intermittent | $360.00 | 6 oras |
| | Trabaho ng Tagapagsalita ng Kaganapan | $0.00 | 8 oras na libre |
| | | | |
| | | | |
| | **KABUUANG GASTOS:** | **$1,700.00** | **Ang Kabuuang Gastos ay sagot ng Seattle Center** |
| | | | |
| **A LA CARTE**<br><br>*Sinasalamin ang mga gastos kung HINDI magagamit ang kagamitan ng Seattle Center, o kung ang saklaw ng* | Maliit na sound system | $100.00 | kung ang aming stock ay hindi makukuha |
| | Malaking sound system | $250.00 | kung ang aming stock ay hindi makukuha |
| | Monitor | $35.00 | kung ang aming stock ay hindi makukuha |

| ANTAS | ITEM | HALAGA | MGA NOTA |
|---|---|---|---|
| *pagtatanghal ay lalampas sa inilaan na paggawa o kagamitan.* | Mikropono na walang kable | $85.00 | kung ang aming stock ay hindi makukuha |
| | Kuryente | $100.00 | kung ang aming stock ay hindi makukuha |
| | Staging | $150.00 | kung ang aming stock ay hindi makukuha |
| | Ang pinaka unang bayad sa pakete ng pag-ilaw | $1,000.00 | paggawa para maitayo, ligpitin at patakbuhin |
| | Mga Rack ng Bisikleta | $11.00 | |
| | Karagdagang Silid Bihisan | $107.00 | pag-tatayo at bayad sa paglilinis |
| | Armory LED Screen | $600.00 | paggawa para maitayo, ligpitin at patakbuhin |
| | Projection | $340.00 | paggawa para maitayo, ligpitin at patakbuhin |
| | | | |
| | Pangunahing Magaasikaso ng Sound | $85.00/ oras | |
| | Pinuno ng entablado | $77.00 / oras | |
| | Stage Intermittent | $60.00/ oras | |
| | Representante ng Kaganapan | $97.25 / oras | higit sa inilaan na halaga |
| | **Tandaan: Ang mga gastos sa A LA CARTE ay sakop ng (mga) artista** | | |